UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Inilulunsad sa mga lunsod at sentrong bayan ang pakikidigmang partisano bilang mahalagang bahagi ng digmang bayan sa Pilipinas.

Ang pakikidigmang partisano ang partikular na anyo ng ating digmang gerilya sa kalunsuran.

Simbilis ng simbad na umaatake ang mga Pulang mandirigma sa mismong mga sentro ng pasistang kaaway. Kaya di mapalagay sa kanilang mga lungga ang mga kaaway ng bayan.

Ano ang ibig makamit ng ganitong mga operasyon? Bakit mainam ang kundisyon para sa pakikidigmang partisano? Basahin sa p. 10.

SETYEMBRE 1982

## NILALAMAN

Pang-aabuso at pagkabigo, inaamin ng kaaway 2
Sumpaan sa Amerika 3
Kampanya at kontra-kampanya 7
Pakikidigmang partisano 10
Mga kaibigang dayuhan 12
Mga balita 14

## PANG-AABUSO at PAGKABIGO, INAAMIN ng KAAWAY

Sa matagumpay na tambang sa San Francisco, Tagkawayan, Quezon noong Hulyo 22, nakakumpiska ang mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan ng dalawang direktibang militar na may petsang Mayo 7 at Mayo 27, 1982.

Ang mga ito ay pinirmahan ni Brig. Hen. Andres Ramos, panrehiyong kumander ng PC-INP sa Rehiyon 4 (timog Katagalugan).

Binigyang diin ng unang direktiba ang utos ni Marcos na maglunsad ng masidhing kampanyang militar laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Quezon-Bikol.

Ibinaba naman ng ikalawang direktiba ang mga instruksyon ni Hen. Fabian Ver, pinuno ng AFP, kaugnay ng mga hakbang pansiguridad ng mga yunit ng AFP laban sa mga tambang ng BHB sa iba't ibang dako ng kapuluan.

Sa mga dokumento, inamin ng pamunuan ng AFP ang malaking pinsalang tinatamo ng mga pasistang tropa sa mga ambus ng hukbong bayan, at ang makahayop na pang-aabuso nila sa sambayanan, na isang malaking dahilan ng pagkabigo ng mga kampanyang militar ng AFP laban sa BHB.


Sinipi namin sa ibaba ang mga bahagi ng dalawang dokumento:

> Maliwanag na hindi nakamit ng AFP ang mapagpasyang tagumpay sa mga operasyong militar nitong nakaraang dekada dahil maling aritmetik ang ginagamit natin noong buong panahong iyon. Binibilang lamang natin ang mga regular na CT o teroristang komunista (na hayagang nagdadala ng armas) at suportang panlaban (mga magsasaka sa araw at Pulang mandirigma sa gabi). Ang bilang ng nalipol natin sa kanila ay ihinahambing natin sa bilang ng mga napatay at nasugatan sa atin. At dahil lumalabas na nakalalamang ang AFP, ang paniwala natin ay tayo ang nananalo; at nagugulat tayo sa wari'y lalo pang paglakas ng kaaway. Hindi natin naisasaalang-alang ang pangyayari na dahil mali ang naging pamamaraan natin sa pagsasagawa ng mga operasyon sa paglipol sa mga pusakal (hard core) na komunista (tulad ng pambubugbog, pagmamalabis, sapilitang pagkuha ng pagkain at iba pang mga bagay mula sa mga magsasaka, pagpatay sa mga taong pinaghihinalaan lamang), napalawak natin tuloy ang kanilang baseng masa, ang mga taong sumisimpatya at sumusuporta sa layuning komunista.

> Kaugnay ng sunud-sunod na mga ambus sa mga yunit ng AFP sa buong bayan, dapat isagawa ng lahat ng kumander ng yunit ang sumusunod na mga hakbang pansiguridad sa larangan para mabawasan ang walang-katapusang pinsala. Dapat itanim ng lahat ng kumander sa isipan ng lahat ng tropa ang kahalagahan ng siguridad at sundin ang mga saligang pag-iingat sa pagkilos ng mga tropa. Dapat masinop na paghandaan ng mga yunit ang kanilang paglipat-lipat. Sa gayong paghahanda, dapat tiyakin na lihim ang pagpaplano at paghahatid ng mga utos; na isinasanggalang ang mga sasakyan sa pamamagitan ng mga sandbag at iba pang lokal na matiryales; na inililipat-lipat ng pusisyon ang mga pwersang pansiguridad sa mga komboy ng tropa; na may plano ng maniobra laban sa mga tambang; na inililipat-lipat ng pusisyon ang mga lider, komunikasyon at armas sa loob ng pormasyon habang kumikilos; at kung mayroon, gumamit ng proteksyong panghimpapawid. Dapat pag-ibayuhin ng lahat ng yunit sa larangan ang pagsasanay sa mga pasibo't aktibong mga teknik na kontra-ambus. ●

(Nasa pahina 14 ang ibang mga balita.)

ANG Bayan Taon XIV Bilang 9 Setyembre 1982



Pagbisita noong 1966, Clark Airbase at pagbisita ngayon: Ginagarantyahan ni Marcos ang lubos na kontrol ng US sa mga base militar nito sa Pilipinas; walang-patid naman ang suporta nito sa pananatili niya sa poder.

## Dumalaw si Marcos sa U.S.

# SUMPAAN SA AMERIKA

Walang maliw na katapatan ang isinumpa ni Marcos sa imperyalismong US nang padalawin siya sa United States nitong Setyembre. Nangako naman ng papalaking tulong sa kanyang gumigiray na rehimen ang presidente ng US na si Reagan.

Ang pagsusumpaang iyon ay nagpatibay sa 17 taong paninilbihan ni Marcos bilang punong papet sa Pilipinas ng numero unong kaaway ng mamamayan ng daigdig. Binadya ng kanyang dalaw sa US ang mas matindi pang panunupil at pagsasamantala sa Pilipinas sa darating na mga taon.

Mula 1966, nang unang naging presidente ng Pilipinas si Marcos, lagi nang nagsasabwatan ang amo at papet, at lalo na ngayon sa harap ng papalaking banta sa katatagan ng kani-kanilang kapangyarihan.

### Nasa krisis

Masama ang tayo ng rehimeng Marcos. Tagilid ang ekonomya ng Pilipinas: bagsak ang presyo sa pamilihang internasyonal ng pangunahing mga eksport, abot-langit na ang utang sa dayuhan, di marendahan ang pagtaas ng depisit sa badyet ng gubyerno, at di maampat ang agos ng kapital tungo sa mga bangko sa ibayong dagat.

Samantala'y nagsasarahan ang maraming pabrika at mabilis na nadaragdagan ang bilang ng milyun-milyong walang hanapbuhay. Paparaming magsasaka ang nawawalan ng lupa. Patung-patong na buwis at singil ang pinapasan ng mamamayan.

Sa lahat ng dako, patuloy na lumalakas ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Matapang na nagmomobilisa ang mamamayang naghahanap ng mapagpasyang pagbabago sa lipunang Pilipino. Habang lumalakas ang Bagong Hukbong Bayan, dumarami ang tropang AFP na nalilipol sa mga larangang gerilya nito. Di maipanalo ng rehimen ang kanyang digma laban sa mamamayang Moro, sa paraang militar man o pampulitika. Ang marami sa iba't ibang grupong pampulitikang sumusulpot ay may pangkalahatang pagsang-ayon sa rebolusyonaryong programa para ibagsak ang rehimeng US-Marcos at itayo ang pambansa-demokratikong gubyernong koalisyon sa Pilipinas.

Aktibong kumikilos ang mga repormistang burges laban kay Marcos. Dumidistansya na rin kahit ang mga taong pinakamalapit sa kanya, at nababalitang lihim na kumakatig ang ilan sa mungkahing magbitiw siya sa poder.

Ganoon din kabaho si Marcos sa ibayong dagat. Kayat pumutok ang kanyang butsi kamakailan nang ang katotohanan

tungkol sa Pilipinas at kanyang rehimen ay binulatlat ng British Broadcasting Corporation (BBC) sa isang ulat pantelebisyon na ipinalabas sa 36 na malalaking syudad sa mundo.

Pero may hawak na baraha si Marcos, na sa tantya niya'y mag-oobliga sa US na sagipin siya sa lubos na kapahamakan sa ekonomya at pulitika. Ang barahang iyon ay ang mga baseng militar ng US sa Pilipinas.

## Mga base ng US

Ang mga baseng ito ay importanteng kawing sa lambat ng mga base at instalasyong militar na inilatag ng imperyalismong US sa buong mundo, para imantini at palawakin ang dambuhalang mga interes nito.

Lunsaran ng salakay ang Clark at Subic laban sa alinmang bayan sa Asya at Gitnang Silangan na magtatangkang lumaya sa pagkakasakal ng imperyalismong US, at banta rin sa China, Soviet Union at ibang mga bayang labas sa kanyang saklaw ng impluwensya.

"Ang pinakadinamikong rehiyon para sa ekonomikong pagpapaunlad, paglaki at pagbabago," ayon sa embahador ng US sa Pilipinas "ay ang buong paligid ng karagatang Pasipiko."

Halos naglalaway niyang inilarawan ang mga bayang kabilang sa Asosasyon ng mga Bansa sa Timog-silangang Asya o ASEAN--Pilipinas, Thailand, Indonesia, Malaysia, Singapore--na "siksik sa pagkalaki-laking potensyal." Ibig sabihin, naghihintay ng sagadsarang pagsasamantala ng monopolyong kapital upang maging ganap na kapaki-pakinabang sa imperyalismong US.

Di kataka-taka ang gayong panggigigil. Nanghihina ang ekonomya ng US sa tindi ng sunud-sunod na mga krisis nitong nakaraang dekada, at papahigpit ang kumpetisyon ng mga bayang kapitalista para sa mga pamilihan, pagkukunan ng hilaw na matiryales at pagpapatubuan ng puhunan. Nakahanda ang US na ipagtanggol ang kanyang dominasyon sa timog-silangang Asya na sagana sa likas na yaman at murang paggawa.

Ang mahahalagang interes na ito ng US sa Pilipinas at sa rehiyon ay masugid na pinoprotektahan ni Marcos, kaya ganoon na lang ang init ng pagtanggap sa kanya ni Reagan. Ibig ipakita ng mga imperyalista na marunong din silang kumilala sa tapat nilang mga bataan.

## Ilang problema

Ang matatamis na ngiti at madamdaming mga pangungusap nina Marcos at Reagan ay pansamantalang nagkubli sa mga problemang bumabagabag ngayon sa relasyon ng mga imperyalista at papet na rehimen.

Nag-aalala ang mga imperyalista sa tuluy-tuloy na pagputok ng mga welga nitong nakaraang ilang taon, tanda ng walang hintong paglakas ng progresibong kilusang unyon sa Pilipinas. Nabigla sila nang sabay-sabay bumanat ng walkout at demonstrasyon ang 80 porsyento ng manggagawa sa Bataan Export Processing Zone noong Hunyo. Hinihingi nila kay Marcos na magbigay pa ng matibay na garantya sa kanilang puhunan at ari-arian, na di bababa sa $4 bilyon ang halaga.

Nababahala rin sila sa lumalaking impluwensya sa pambansang pulitika ng rebolusyonaryong pwersang binubuklod ng Pambansa-Demokratikong Prente. Batid nila na maraming burges na pulitikong maka-US ang nangangahas na ring bumatikos sa mga epekto ng dominasyong imperyalista sa Pilipinas.

Anupa't palaisipan ngayon sa mga imperyalista ng US kung gaano pa katagal pwedeng magsilbi si Marcos sa kanila. Nais nilang masiguro ang kanilang puhunan, sakaling bigla siyang mawala sa poder.

Sa panig naman ni Marcos, hiningi niya sa gubyerno ni Reagan na hikayatin ang mga kapitalistang Amerikano na magpasok pa ng mas malaking puhunan sa Pilipinas, bukod sa dagdag na tulong at konsesyong pang-ekonomya para sa kanyang rehimen.

Minadali niya ang pag-aapruba ng senado ng US sa tratadong ekstradisyon sa pagitan ng Pilipinas at US. Ang kasunduang ito ay magpapahintulot kay Marcos na ibalik mula sa Amerika at litisin sa Pilipinas ang sinumang Pilipinong tumututol sa rehimen niya.

## Magpasiklab

Bago lumakad patungong US, nagpasiklab muna si Marcos para lalo pang masiyahan sa kanya ang dadalawing mga amo.

Una, maramihan niyang ipinaaresto't ikinulong ang militanteng mga unyonista, upang ipakita sa mga imperyalista na masigasig niyang ipinagtatanggol ang interes nila. Nagbanta rin siya sa ligal na oposisyon, na ang mga kilos anya'y mahigpit na binabantayan.

Para dito'y kung anu-ano ang ginawa niyang pakulo. May ilulunsad daw na mga pambobomba't ibang teroristang aksyon kasabay ng pangkalahatang welga sa buong bansa nitong Setyembre. Gaya ng nangyari noong 1971, bago niya suspindihin ang karapatan sa habeas corpus, at noong 1972, nang gumawa siya ng sunud-sunod na karahasan, kabilang ang masaker sa Plaza Miranda, bago ipataw ang batas militar--dati na niyang gawi ang pag-iimbento ng kriminal na mga pakanang ibibintang sa rebolusyonaryong kilusan at ligal na oposisyon.

Syempre, ang tanging gulong nangyari ay iyong siya mismo ang lumikha. Pagkaraan ng ilang linggo, ipinahayag ng rehimen na kontrolado na raw ang sitwasyon at "nabulabog na ang mga nagpapakana." Ang nangyari, mga dayuhang negosyante pala ang nabulabog. (Tingnan ang balita sa p. 15.)

Ikalawa, inutusan ni Marcos ang Batasang Pambansa na gawing batas ang mga tagubilin niya tungkol sa pagsalo ng kapangyarihan kapag may nangyari sa kanya. Sa pinakahuling bersyong ito, ang Komiteng Tagapagpaganap ang magdidisposisyon sa gubyerno kapag nawala si Marcos.

Kapansin-pansin sa komiteng ito ang asawa ni Marcos, na agad nang-agaw ng papel sa tagapangulong si Prime Minister Cesar Virata. Ang pakikipaggitgitan ni Imelda Marcos sa usapin ng pagsalo sa kapangyarihan ay lalong nakumpirmahan nang ang isang alagad niya, si Jose Roño, ay nombrahang pansamantalang tagapangulo ng komite habang nasa US sina Marcos.

## Mula 1965


Ang 17 taong pagkapapet ni Marcos ay idinikta, sa kabuuan, ng mahigpit na pangangailangan ng kanyang mga amo na panatilihin siya sa poder para ipagtanggol ang kanilang matagalang interes laban sa sambayanang Pilipino.

Nagtagal siya bilang papet dahil din sa kanyang di karaniwang katusuhan at kahandaang gumamit ng dahas--mga katangiang di nakayanang pantayan ng mga karibal niya sa pulitika, at buung-buo niyang inilaan sa kapakanan ng US at sariling pangkatin.

Di kailanman itinaguyod ni Marcos ang interes ng mamamayang Pilipino laban sa pakikialam at pandarambong ng mga amo niyang dayuhan. Kung mayroon mang nagaganap na gusot sa pagitan nila, ito'y kaugnay lang ng paraan ng paghahari.

Ang unang yugto ng relasyong US-Marcos, mula 1965 hanggang 1972, ay sumasaklaw sa panahong nakikihati sa kapangyarihang pampulitika ang iba't ibang pangkat ng mga naghaharing uri sa Pilipinas.

Kauupo pa lang ni Marcos sa Malakanyang noong 1965, tinalikuran na niya ang pangakong di makikisangkot ang Pilipinas sa digma ng US sa Vietnam. Ipinakita niya ang kahandaang ipagbili ang sari-



ling bayan nang nagpadala siya roon ng mga tropang Pilipino, sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng bayan.

Lalong nawalan ng latoy ang ekonomya sa pagpapatuloy ng mapanirang mga patakaran--"pagbubukas ng pinto" sa dayuhang kapital, debalwasyon ng piso, dekontrol sa pag-iimport--na iginiit ng mga imperyalista. Laganap ang diskuntento. Para matiyak na siya'y magiging presidente uli, garapalang nandaya at nandahas si Marcos sa eleksyon noong 1969.

Bumebwelo noon ang anti-imperyalista't demokratikong kilusang masa. Muling itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas. Itinayo nito ang Bagong Hukbong Bayan, at inilunsad ang matagalang digmang bayan mula sa halos wala.

Sa silangang Asya, pinatatatag noon ng imperyalismong US ang ilang pasistang papet na diktadura gaya ng sa timog Korea, Indonesia at Singapore. Ang mga ito ay naging modelo sa ilalim ng "doktrinang Nixon," na ang esensya ay puspusang pagtataguyod sa mga pasistang diktador sa mga malakolonya para mahiwalay ang US sa tuwirang pakikisangkot na militar.

Ang reaksyonaryong patakarang ito ay nagtangkang papurulin ang matalas na pagkondena ng mamamayang Amerikano sa panggegera ng kanilang gubyerno sa Vietnam. Kahit may pansamantalang sikad sa ekonomya ng US dulot ng industriyang panggera, naroon na rin noon ang mga problema ng implasyon at naglalakihang depisit sa badyet ng gubyerno.

## Batas militar

Noong pag-uumpisa ng dekadang 1970, umabot na sa kaigtingan ang krisis sa pulitika't ekonomya ng Pilipinas, at rumaragasa ang agos ng rebolusyonaryong kilusan. Di na makayanan ng rehimen na maghari sa dating paraan. Ipinataw ang batas militar noong 1972 upang mapangalagaan ang pamumuhunang Amerikano at mapanatili si Marcos sa poder.

Sa ikalawang yugtong ito, lantaran nang hinubad ang maskara ng demokratikong porma ng gubyerno sa Pilipinas. Iisang pangkatin ng mga reaksyonaryo ang sinuportahan ng US. Pinakawalan ang terorismo ng estadong pasista.

Lubos na ibinukas ang Pilipinas sa pagsasamantala ng dayuhang kapital, at ang pag-unlad ng ekonomya ay isinakay sa estratehiyang mag-eksport nang mag-eksport. Ang piso noong 1972 ay may halagang 27 sentimos na lang noong 1978, pagkaraan ng anim na taon.

Dumagsa ang tulong militar ng US sa rehimen. Mula $21 milyon noong 1970, umabot ito sa mahigit $137 milyon noong 1977.

Noong 1979, pinirmahan ang bagong tratadong nagpapatuloy sa walang rendang paggamit ng US sa mga baseng militar nito sa Pilipinas, kapalit ng tulong militar na $500 milyon sa loob ng kasunod na limang taon.

Di nagtagal ay nakabawi na ang rebolusyonaryong kilusan mula sa mga pasistang salakay ng unang mga taon, at naging mas malawak at mas malakas kaysa noong wala pang batas militar. Lumasap ng mahahapding pagkatalo ang kaaway sa kamay ng mga rebolusyonaryong mandirigmang Moro.

Ang US ay hinagupit ng kahirapang dulot ng magastos na gera sa Vietnam, na nagtapos noong 1975 sa pambansang paglaya ng mamamayang Byetnames. Mabilis na sumunod ang paglaya ng katabing Laos at Kampuchea. Noong 1979, nakalaya rin sa imperyalismong US ang Iran at Nicaragua.

Sa takot na "mahawa" ang Pilipinas sa sunud-sunod na mga paglayang ito, at tulak din ng pakikiisa ng mamamayang Amerikano sa mamamayang Pilipino, sandaling pinairal ng gubyerno ng US ang kampanya para sa "karapatan ng mga tao" samantalang patuloy na sinusuportahan ang papet na rehimen. Nagsigasig ang mga karibal ni Marcos sa paggigiit sa US na alisin siya at ipalit sa kanya ang isa sa kanila.

"Normalisasyon" ang isinagot nina Marcos at mga imperyalista sa malawak na pagtutol sa kanilang paghahari. Nagdaos ng mga huwad na reperendum at eleksyon, pero walang nakumbinsi na dahil doo'y natapos na ang pasistang paghahari sa Pilipinas.

Sa loob ng walong taon ng batas militar, lalo lang nabuo ang pagkakaisa ng mamamayan laban sa rehimen. Tumindi ang hidwaan ng mga lokal na naghaharing-uri, na nahati sa pagitan ng maliit na pangkating may monopolyo sa kapangyarihan, at lahat ng iba pang ipinepwera.

Sa pagtatapos ng yugtong ito, malalim nang nakaugat ang pambansa-demokratikong kilusan sa buong bansa, at umabot na ang digmang bayan sa mas maunlad na subyugto ng estratehikong depensiba.

### Lalong naglapit

Noong 1981 nagsimula ang kasalukuyang yugto ng higit pang paglalapitan ng pangkating Marcos at imperyalismong US. Ang pag-upo ni Reagan ay sinabayan ng kunwa'y pag-aalis sa batas militar sa Pilipinas. Nagdaos ng huwad na eleksyong presidensyal. Naging malamig ang gubyerno ng US sa mga karibal ni Marcos.

Ganap na raw ang "normalisasyon." Tinatakang "ligal" ang lahat ng kautusan, dikreto at tagubiling iligal na ginawa ng pasistang diktador sa ilalim ng batas militar. "Ligal" din ang lahat ng gagawin pa niya ngayon at sa hinaharap. Sabi nga ng bise-presidente ng US kay Marcos na "ibig na ibig namin ang iyong pagkapit sa mga demokratikong prinsipyo at proseso."

Di naitago ng ipokritong papuring iyon ang kasuklam-suklam na mga krimen ni Marcos alang-alang sa kanyang mga among imperyalista. Lalong nahihiwalay ang imperyalismong US sa komunidad ng mga bansa dahil sa pagtataguyod nito sa pinakabulok at pinakamapanupil na mga rehimen, at sa magaspang at aroganteng panghihimasok sa lahat.

Determinado si Reagan na ibangon ang prestihiyo at impluwensya ng Amerika, na mabilis na nasagnas laluna mula nang maitaboy ang US mula Indochina. Gusto niyang katakutan muli sa mundo ang lakas ng imperyalismong US, at pangalagaan ang dati nang saklaw ng impluwensya. Binubuhusan ng pansin, kung gayon, ang mga baseng militar at mga kasunduang panseguridad. Sinusuportahan nang husto ang rehimeng Marcos, sa pagtatangkang preserbahin ang mga baseng militar dito at ang puhunang Amerikano sa rehiyon.

Subalit hindi ang imperyalismong US, at lalong hindi si Marcos, ang mapagpasya sa kinabukasan ng Pilipinas.

Ang mahabang mga taon ng kanilang panunupil ay nagturo lamang sa sambayanang Pilipino na magkaisa, lumaban at ganap na ibagsak ang kanilang paghahari upang makamit ang kapayapaan, dangal at kasaganaan. ●

## Sa Quezon-Bikol

# Kampanya at kontra-kampanya

Walang kamalay-malay ang nakakomboy na mga pasistang sundalo na nakataya ang buhay nila noong Hulyo 22 sa paglisan sa kampo ng 31st IB, (PA) sa Tagkawayan, Quezon. Hindi pa nakalalayo ang komboy nang isang kilometro nang pumasok sila sa ambus na ihinanda ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang naunang dyip ay pinaulanan ng bala ng mga nakapwestong Pulang mandirigma, samantalang pinako ng putok ang dalawang sumusunod na sasakyan.

Sa ambus na ito, napatay ng mga gerilya ang isang tinyente-koronel mula sa Office of the Inspector General sa punong himpilan ng AFP, isang medyor, at anim pang sundalo. Nakakumpiska rin sila ng apat na M-16, iba pang gamit militar at mga papeles.

Kabilang sa mga nakumpiska ng BHB ang isang kopya ng sikretong direktiba buhat kay Brig. Hen. Andres Ramos, kumander ng PC-INP sa Rehiyon 4 (timog Katagalugan). Kinumpirma sa direktiba ang paglulunsad ng kampanya para durugin ang rebolusyonaryong pwersa sa Quezon-Bikol simula Mayo, [tingnan ang pahina 2 ].

### Dagsa ng kaaway

Sa ngayon, may limang batalyon ng PC at apat na batalyong panagupa ng Philippine Army (PA) sa lugar na pinaglulunsaran ng kampanya ng kaaway--timog Quezon, Camarines Norte at Camarines Sur. Bukod ito sa siyam na kumpanya ng PC na nasa ilalim ng mga lokal na pamprobinsyang komand. Halos 9,000 ang sundalong PC at PA sa mga nabanggit na yunit militar. Pwera pa rito ang limang kumpanya ng PC sa Albay at Sorsogon, na bahagi ng Kabikulan.

Mayroon pang isang batalyon ng PA sa inhinyeriya at konstruksyon (51st ECB), isang kumpanya ng Philippine Marines, isang Naval Task Group ng Philippine Navy na nakatalaga sa Ragay Gulf, at isang Helicopter Support Group ng Philippine Air Force.

Ihinudyat ng pagdating ng 52nd PC Bn noong Hunyo 1981 ang pagdadagdag ng pasistang tropa sa Quezon-Bikol. Pagkatapos, magkakasunod na dumating ang tatlong batalyon ng PC, at nitong Abril-Mayo, idinagsa ang apat na batalyon ng Philippine Army. Anim sa mga batalyong ito ay inilipat mula Samar at Mindanaw at ang iba'y mga yunit na bagong buo.

Nagdagdag ang kaaway ng pwersa sa Quezon-Bikol sa tangkang supilin ang lu-

malakas na rebolusyonaryong kilusan sa lugar na ito.

Noong nakaraang taon, yumabong ang rebolusyonaryong kilusang masa sa pagdaraos ng sunud-sunod at magkakasabay na protestang masa laban sa pasismo at coconut levy, at aksyong masa kaugnay ng kampanya ng pagboboykot sa "eleksyong presidensyal."

Samantala, di kukulangin sa 10 reyd at ambus ang matagumpay na isinagawa ng mga Pulang mandirigma sa timog Quezon at Kabikulan noong 1981.

Ang Kabikulan ay isa sa mga rehiyon sa Pilipinas na malubha ang pagdarahop ng masang manggagawa at magsasaka. Tinatantyang tatagal pa nang tatlong taon ang krisis sa industriya ng niyog, na pangunahing kabuhayan ng mamamayan. Alam ng rehimen na titindi pa ang krisis pang-ekonomya kayat nangangamba ito na mag-iibayo ang diskontento sa lugar na ito. Parami nang parami sa mamamayan ang nagbubuklod sa ilalim ng bandila ng rebolusyong pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa pagkaunawa nila na iyon ang tanging susi sa kanilang katubusan at kaginhawahan.

May ispesyal na atensyon na ibinibigay ang kaaway sa Quezon-Bikol dahil sa estratehikong pusisyon nito. Malapit-lapit ito sa Maynila na sentro ng paghahari ng rehimen. Sa patuloy na pagdaluyong ng rebolusyonaryong kilusan, nangangamba ang rehimen na makaabot ito sa Kamaynilaan.

Dagdag pa rito, ang timog Quezon ay nasa dulo ng Kabundukang Sierra Madre na tumutuhog sa silangang Luson. Ang Sorsogon naman na nasa dulo ng peninsula ng Bikol ay katapat lamang ng Samar. Nababahala ang kaaway sa posibilidad na maging isang malawak at dugtung-dugtong na Pulang purok ang buong kahabaan ng silangang Luson hanggang silangang Bisaya.

Nitong 1982, ibinuhos ng rehimen sa Quezon-Bikol ang malaking pwersang militar nito sa tangkang durugin na ang organisasyon ng Partido at hukbong bayan doon, at pigilin ang paglakas at paglawak pa ng rebolusyonaryong pwersa.

## Kampanya ng kaaway

Ang kampanyang militar para durugin at mapagpasyang gapiin ang hukbong bayan na sinimulan nitong Mayo ay susundan ng pagsisikap diumano ng gubyerno na akitin ang masa. Kauna-unahang pagtatangka ito ng rehimen na sugpuin sa iisang kampanya ang rebolusyonaryong kilusan sa dalawang magkasugpong na rehiyon (timog Katagalugan at Kabikulan) ng rehimen. Ayon kay Ramos, iniutos mismo ni Marcos na gawing modelo ang magkatuwang na pagsisikap ng mga upisyal na militar at sibilyan sa gayong saklaw.

Para "durugin" ang hukbong bayan, nagsagawa ang kaaway ng pagmamasaker, panunutnog, pandarambong, iligal na pang-aaresto at pambubugbog sa masa.

Halimbawa, pinatay ng mga tropa ng 45th IB, PA noong Hulyo 23 sa Labo, Camarines Norte ang isang kapitan ng barangay, dalawang konsehal at dalawang kabataan. Bago minasaker, kinatulong muna sila ng mga sundalo sa paggawa ng kanilang kampo. Pagkatapos, hiningan ng aso at pinapagluto ang mga biktima at pinabili ng alak. Saka sila binugbog at pinatay.

Bukod sa mga operasyong militar, may iba pang hakbang ang mga reaksyonaryong tropa upang sugpuin ang rebolusyonaryong kilusan.

Nagtayo sila ng mga kampo (command post) at istasyon (outpost) sa hangganan ng mga probinsya sa Kabikulan. Nagtayo rin sila ng mga istasyon at tsekpoynt sa mga kalsadang nagdudugtong sa mga baryo at bayan sa interyor ng mga probinsya. Samantala, ang mga sundalo ng rehimen ay patuloy na gumagawa ng mga kalsadang titirikan pa ng karagdagang istasyon at tsekpoynt.

Inaasahan ng kaaway na malilimita ng mga ito ang pagkilos ng mga kadre ng Partido, Pulang mandirigma at aktibistang masa. Layon din ng mga ito na makontrol ang kilos ng masa, at ang daloy ng mga bilihin mula sa kabayanan patungo sa mga baryo, at sa pagitan ng mga baryo sa interyor.

Sa kabilang banda, nagtatangka ang rehimen na magpabango at magkunwang nagmamalasakit sa masa sa pamamagitan, halimbawa, ng programang civic action ng militar at mga proyektong pang-engganyo tulad ng Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran (KKK).

## Pagbigo sa kaaway

Subalit hindi talaga maitatago ng kaaway ang pasistang katangian nito, na nagsisilbing panggatong sa ngitngit ng mamamayan sa rehimen at sa determinasyon nilang isulong ang rebolusyon.

Ang pang-aabuso ng mga tropa ng rehimen ay tinugunan ng mga protesta ng mamamayan, na iginiit ang pag-alis sa mga

batalyon ng kaaway mula sa timog Quezon at Kabikulan. Ginawa nila ito sa pamamagitan ng mga rali, petisyon-delegasyon at pagbobrodkas sa radyo.

Noong Hunyo 27, nagrali sa Daet, Camarines Norte, ang 2,000 mamamayan upang kondenahin ang terorismo ng mga sundalo ng gubyerno. Ginunita nila ang masaker sa apat na demonstrador sa Daet noong Hunyo 1981.

Kinondena rin kamakailan ng Alyansa ng Nagmamalasakit na Mamamayan ng Bikol (Bicol Concerned Citizens' Alliance o BCCA) ang pang-aabuso ng mga reaksyonaryong tropa at iginiit din na alisin ang mga yunit militar sa Kabikulan. Kabilang sa kinondena ng BCCA ang masaker sa Labo noong Hulyo 23.

Ang masaker na ito'y tinuligsa rin ng mga kapitan ng mga barangay sa Labo. Nagbanta silang magbibitiw sa serbisyo kung hindi mabibigyan ng katarungan ang mga biktima ng masaker.

## Taktikal na opensiba

Samantala, sa harap ng kampanya ng kaaway na tugisin at durugin ang mga gerilyang bayan, hindi lang napepreserba ng mga yunit ng BHB ang kanilang lakas. Nagkakamit pa sila ng mga tagumpay laban sa mga tropang kaaway.

Mula Mayo hanggang Agosto, nakapatay ang mga Pulang mandirigma ng 33 kaaway at nakasamsam ng 31 malalakas na riple. Ang mga tagumpay na ito'y natamo sa apat na ambus, dalawang reyd at limang operasyong-isparo sa timog Quezon, Camarines Norte at Camarines Sur.

Nauna rito, nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng 14 na malalakas na riple at nakapatay ng 36 na pasistang tropa sa tatlong ambus at dalawang reyd noong Marso-Abril sa Quezon-Bikol.

Tinangka na ring durugin ng rehimen ang hukbong bayan sa ibang rehiyon sa kapuluan subalit pawang kabiguan lang ang nalasap nito.

Ngayong nakakonsentra sa Quezon-Bikol ang malaking pwersa ng kaaway, mas paborable ang kondisyon para makapagpalawak at makapagpalakas pa ang rebolusyonaryong pwersa sa ibang rehiyon.

Kasabay nito, sa mahusay na paglalapat ng mga prinsipyo ng pakikidigmang gerilya, binibigo ng rebolusyonaryong pwersa sa Quezon-Bikol ang kontra-rebolusyonaryong kampanya ng kaaway. ●




**MGA OPERASYON NG B.H.B.**

| | | | | NAAGAW | NAPATAY |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | Mayo 11 | Pasacao | REYD | 3 riple | 3 pasista |
| 2. | Mayo 31 | Labo | AMBUS | 6 | 6 |
| 3. | Hunyo 7 | Labo | ISPARO | 1 | 1 |
| 4. | Hunyo 13 | Mulanay | AMBUS | 6 | 6 |
| 5. | Hunyo 13 | Iriga | ISPARO | 2 | 2 |
| 6. | Hunyo 20 | Iriga | ISPARO | 1 | 1 |
| 7. | Hulyo 4 | Labo | REYD | 2 | — |
| 8. | Hulyo 13 | Macalelon | ISPARO | 2 | 2 |
| 9. | Hulyo 22 | Tagkawayan | AMBUS | 4 | 8 |
| 10. | Agosto 7 | Catanauan | AMBUS | 3 | 3 |
| 11. | Agosto 7 | Mulanay | ISPARO | 1 | 1 |

# Pakikidigmang partisano

Araw ng pista sa Iriga City. Dalawang myembro ng CHDF ang naglalakad nang biglang sumulpot sa kanilang likuran ang mga partisano ng Bagong Hukbong Bayan. Saksak, putok, at naglaho ang mga partisanong tangay ang dalawang M-16 ng mga kaaway.

Sa labas ng sabungan sa Davao City, kasasakay pa lang sa taksi ni Medyor Odelon Asis, pangalawang pinuno ng Metrodiscom, nang siya'y barilin kasama ang kanyang badigard. Sa palengke ng Isabela, Negros Occidental, bumulagta rin si Nick Roca, ang "berdugo" ng Panay. Sa mga operasyong partisano nagwakas ang walang kwenta nilang buhay.

Lunsod man at sentrong bayan, wala na ring ligtas na lugar para sa mga kaaway ng bayan. Mismong sa kanyang kuta ay inaatake ang kaaway, sa pamamagitan ng pakikidigmang partisano na ngayo'y inilulunsad bilang mahalagang bahagi ng digmang bayan.

Pagkumpiska ng armas at paglipol sa mga pusakal na kaaway ang diin ng pakikidigmang partisano ngayon sa ating digmang bayan.

Sa Bikol, halimbawa, 21 armas ang nakumpiska sa pamamagitan ng 11 operasyong partisano noong 1981. Sa Mindanaw, humigit-kumulang 150 armas ang inani sa ganito ring paraan noong 1980. At sa iba pang rehiyon, paparami ang armas na nakukumpiska sa pamamagitan ng operasyong partisano.

Isa-isang nalalagas ang mga pusakal na kaaway na naging tinik sa lalamunan ng nakikibakang mamamayan di lamang sa mga lunsod kundi maging sa kanayunan. Hinagip ng mga operasyong partisano sina Ten. Ariston Corporal sa Bataan, Sarh. George Giray sa Kanlurang Samar, Sarh. George Presquito sa Bacolod City, at Benjamin Valdez alyas "Kumander Brown" sa Davao City.

Ilan lamang sila sa mga ispya o ahenteng militar, malalaking burukrata, aristokrata sa paggawa, mamamatay-tao, at pusakal na manggagahasa na magbabayad din ng inutang na buhay sa mamamayan.

Habang ibayong sumusulong ang digmang bayan, mas malaki pa ang tatargetin ng pakikidigmang partisano. Kasama sa mga ito ang pagpilay sa organisasyon ng pasistang gubyerno at reaksyonaryong militar, pagdedemoralisa sa mga upisyal at tropa ng kaaway, at pananabotahe sa mga linya ng komunikasyon at suplay at mga instalasyong militar.

Sa pangkalahatan, ang pakikidigmang partisano'y inilulunsad nang may mahigpit na koordinasyon sa digmang gerilya sa kanayunan. At sa kalunsuran, ito'y katuwang ng hayag na pagkilos ng masa sa pagpapasulong sa rebolusyonaryong pakikibaka.

## Mainam na kondisyon

Lunsaran ng digmang gerilya sa Pilipinas di lamang ang kanayunan kundi pati ang kalunsuran. Mahigpit na sumusuporta ang digmang gerilya sa ligal na pakikibaka, na pangunahing anyo ng paglaban ngayon sa kalunsuran. Sa pagharap sa kaaway, ating ginagamit ang mahusay na kombinasyon ng ligal na pakikibaka at armadong paglaban.

Ang pakikidigmang partisano ang partikular na anyo ng ating digmang gerilya sa kalunsuran. At angkop ang kalagayan sa paglulunsad nito sa Pilipinas.

Bagamat makipot ang kalupaan ng mga lunsod at sentrong bayan, konsentrado naman dito ang mamamayan. Mahigit 37 porsyento (o mahigit 18 milyon) sa 50 milyong populasyon ng Pilipinas ay nakasiksik sa mga lunsod at sentrong bayan. At sa bawat malaking isla sa kapuluan ay may mga lunsod at sentrong bayan.

Pinakamarami sa mamamayan dito ang mga manggagawa, malaproletaryo at petiburges na nabibilang sa pinagsasamantalahang uri at naghahanap ng rebolusyonaryong pagbabago. Sila ang kalakhan ng pwersang bumubuo ng hayag at lihim na kilusang masa sa kalunsuran. Ang kilusang lihim na ito ang nagbibigay ng kalinga, kanlungan, at suportang tauhan at materyal sa mga yunit partisano. At sa dami ng mukhang nakikita niya sa kalunsuran araw-araw, mahirap matukoy ng kaaway ang mga partisano at ang mamamayang sumusuporta sa mga ito.

Bukod pa rito, marami na sa mga lunsod at sentrong bayan ang napapaligiran, nasasaklaw o kadikit ng ating mga sonang gerilya. Kaya may malapit na sonang maaatrasan ang mga yunit partisano.

Maghabol man ang kaaway, mahihirapan itong sundan ang bakas ng mga partisanong ikinubli na ng masa at ng paborableng kalupaan sa kanayunan. Isa pa'y sa

sona nakakapagsanay ang mga partisano sa gawaing militar.



Sa kabilang banda, maraming mapagpipiliang target ang mga yunit partisano sa kalunsuran. Dito konsentrado ang pasistang kaaway. Dito nakabase ang malalaking burukrata at iba pang pusakal na galamay ng mga imperyalista't malalaking panginoong maylupa. At dito rin nagpapanakbuhan ang mga kaaway na may mahabang listahan ng krimen sa masa sa kanayunan.

Sa labas ng kampo, karaniwang matatagpuan ang mga pasistang sundalo sa mga bahay aliwan at komersyo, inuman, sabungan at sayawan. Kahit paisa-isa o padala-dalawa, walang pag-aalinlangang sumasakay sila sa mga pamasaherong bus at dyip, nag-aabang ng sasakyan sa haywey, bumibili sa botika o tindahan, o kaya'y basta pumoporma lang sa kalye.

Sa kalagayang ito na kampante ang kaaway, simbilis nang simbad na nakakaatake ang mga Pulang partisano, nadidisarmahan ang kaaway, at napapatay kung kailangan. Sa paggamit ng mga taktikang gerilya tulad ng mabilis na paglitaw, biglang atake, at mabilis na paglaho ay naisasagawa ang mga operasyong partisano kahit sa matataong lugar, nang may mahigpit na pagsasaalang-alang sa kaligtasan ng mamamayan.

Sa pagkalantad ng kahinaan ng kaaway, sa mismong sentro ng kanyang kapangyarihan, abut-abot din ang demoralisasyon sa hanay ng reaksyonaryong militar. Di miminsan lang nangyari na may mga pusakal na ispiyang militar na ayaw nang lumabas sa kanilang kampo o baraks sa takot na matiyempuhan ng mga Pulang partisano.

Bunga nito'y napipigilan ang lalo pang pang-aabuso at pananakot ng kaaway, at maluwag na nakakakilos ang mga rebolusyonaryo at progresibong organisasyon ng masa sa kalunsuran.

## Suporta, pagkondena ng masa

Dahil sa matinding pagkamuhi nila sa rehimeng US-Marcos, ipinagbubunyi ng kahit karaniwang mamamayan ang pakikidigmang partisano.

"Sa pag-atras namin matapos ang isang operasyon," kwento ng isang mandirigma sa Bikol, "tinatawag kami ng mga tao para doon na magtago sa kanila. 'Kasama!' kaway nila. Iniiwas nila kami sa kanto na may pulis."

Sa Negros naman, anang mga kasama, lumakas pa ang suporta ng mga panggitnang pwersa sa armadong pakikibaka nang mabalitaan ang matagumpay na mga operasyong partisano.

Mula nang ipataw ang batas militar, paparami nang paparaming mamamayan ang tumatanggap na sa pangangailangang magarmas para ibagsak ang pasistang diktadura. Marami ang nag-iinisyatibang maglunsad ng operasyong militar sa kalunsuran sa iba't ibang anyo at paraan, at bunga nito'y may makabuluhang naiaambag sa rebolusyonaryong armadong paglaban.

Sa paggabay ng rebolusyonaryong kilusan, ang mapandigmang kakayahang ito ng mamamayan ay mapapaunlad pa at maitutudla sa wastong mga target.

Ngunit sa kabilang banda, may mga grupong naglulunsad ng operasyong militar sa kalunsuran na sa halip na pagsuporta'y pagkondena ang inaani mula sa masa. Bunga ito ng maling oryentasyon at pamamaraan nila, na maiuugat sa kawalan ng tiwala sa masa.

Kabilang na rito ang mga grupo o elementong malakas ang tendensyang anarkista. Bagamat lumalaban sila sa pasistang estado (at kadalasa'y si Marcos lang ang itinuturing nilang kaaway), hindi naman sila naghaharap ng alternatibong programa. Wala silang pagsasaalang-alang sa masa, kayat sa mga operasyong militar nila'y madalas mapinsala ang mamamayan.

May iba namang mga grupo na walang hangaring wasakin ang pasistang diktadura o ang lokal na reaksyonaryong estado. Layunin ng operasyong militar nila na bulabugin ang rehimeng Marcos para ia-

mang makahingi ng konsesyon o, sa ultimo, kumbinsihin ang imperyalismong US na sipain si Marcos at sila ang iluklok sa pasistang gubyerno.

Para makabuluhan silang makapag-ambag sa pangkalahatang pagsisikap na ibagsak ang rehimeng US-Marcos, mahigpit ang pangangailangang magwasto sila ng pampulitikang oryentasyon at magtiwala sa rebolusyonaryong kakayahan ng masa.

Dapat silang hikayating makipagkaisa sa mga armadong rebolusyonaryo sa koordinadong pagpaplano at pagsasagawa ng mga aksyong gerilya sa syudad. Mainam din kung makakapag-organisa sila at makakapagpalakas ng sariling pwersa. Habang napapalapit sila sa masa, at natutulungan ng mga rebolusyonaryo na magwasto, unti-unting mapapawi ang tendensyang lumpen, mersenaryo at anarkista na ngayo'y kumokontra sa bisa ng kanilang mga aksyon.

Ang pakikidigmang gerilya sa kalunsuran ay bahagi lamang ng matagalang digmang bayan. Ang pakikibaka ng mamamayan sa buong Pilipinas ang magbabagsak sa diktadurang US-Marcos. Walang kahihinatnan ang paglaban sa pasistang rehimen kapag kulang ang tiwala sa mamamayan at wala ang kanilang aktibong pagtataguyod.

Ang esensyang ito ng digmang bayan ang pinanghahawakan ng mga Pulang mandirigma sa paglulunsad ng mga operasyong militar sa kanayunan man o kalunsuran. Ang kakayahan, kahandaan, kaligtasan at antas ng organisasyon ng mamamayan ay pangunahing isinasaalang-alang sa paglulunsad at pagsulong ng digmang bayan. ■

## Mga kaibigang dayuhan:

## 'Laging magkakawing ang buhay ko at pakikibaka nila'

Pagkaraan ng dalawang araw na lakaran ay nakarating ang bisita sa kampo ng Bagong Hukbong Bayan sa isang sonang gerilya sa bandang timog ng Metro Manila. Mainit siyang binati ng mga Pulang mandirigma. Ngunit nagtataka sila kung bakit hindi siya sumasagot sa mga tanong at ngiti lamang ang itinutugon niya.

Saka na lang natuklasan ng mga kasama ang dahilan. Hindi pala siya nakakaintindi ng Pilipino. Isa siyang dayuhan, bagamat mukhang Pilipino. Siya'y isang Hapones.

Isang buwan siyang sumama sa iskwad ng BHB. Nagpalipat-lipat sila ng mga baryo, dumalo sa maraming pulong ng masa. Isang Pulang mandirigmang nakakapagsalita ng Inggles ang nagsalin para sa kanya habang nakikipagpalitan siya ng karanasan sa mga kasama at masa. Mahusay siyang nakaangkop sa sitwasyon, at nagawa pa niyang sumama sa isang ambus bago umalis sa larangang gerilya.

Samantala, sa iba namang lugar, dalawang Amerikano ang nag-aayos ng kanilang kamera sa tabi ng haywey sa probinsya. Nililitratuhan nila ang mga manggagawang patungo sa pabrika. Sinalamin ng mga litrato ang kalagayan at pakikibaka ng mga babaing manggagawa sa mga industriya tulad ng damit, kemikal at pyesang elektronik.

Sa pamamagitan ng mga litratong ito, sisikapin ng dalawang Amerikano na maabot ang pinakamalalaking grupo ng kababaihan sa US at ibang bansa at kunin ang kanilang suporta para sa pakikibaka ng mga babaing manggagawa sa Pilipinas.

Ang kasamang Hapones at ang dalawang Amerikano ay ilan lamang sa mga dayuhang kaibigan ng rebolusyong Pilipino na dumadalaw dito sa atin.

Sa nakaraang dalawang taon, daandaan nang bisita ang nakaabot sa mga larangang gerilya, pagawaan, iskwelahan at komunidad ng maralita ng lunsod. Ang marami sa kanila ay kinatawan ng mga anti-imperyalista at progresibong kilusan, organisasyon at institusyon sa Hilagang Amerika, Kanlurang Europa, Hilagang Aprika at Asya. Ang iba nama'y mula sa mga kapatid na partido at kilusang mapagpalaya. Marami rin ang kinatawan ng internasyonal na midya na pumaparito para tuwirang kumuha ng impormasyon tungkol sa rebolusyonaryong kilusan.

### Pagkakaisa laban sa imperyalismo

Sa mga bisitang dumarating, marami ang lumalahok na sa mga rebolusyonaryong pagkilos sa kani-kanilang bayan. Nakatulong ang kanilang pagdalaw para makita nila at ng mga kasamang dinadalaw na pareho ang rebolusyonaryong interes

ng mamamayan sa kanilang bayan at sa Pilipinas.

Sa Mindanaw, nabalitaan ng isang bisitang Amerikano ang pagpatay sa apat na magsasakang ang lupa ay inagaw at ginawang sagingan ng isang korporasyon. Sabi niya: "Ang tulong militar at pang-ekonomya mula sa US ang sumusuhay sa kinamumuhiang diktadurang ito. Samakatwid ang mga dolyar na ibinubuwis namin ay ginamit para bayaran ang mga sundalong pumatay sa apat na Pilipinong iyon."

Dagdag niya: "Sa manggagawang Pilipino ipinapagawa ng mga kapitalista ang di nila mapatanggap sa manggagawang Amerikano. Dahil kulang ng sapat na murang paggawa at materyales sa Amerika, pinalalawak ng mga imperyalista ng US ang kanilang mga pabrika at pamilihan sa Ikatlong Daigdig. Pinapasan ng mga manggagawa rito ang bigat ng pandaigdigang sistema ng pagsasamantala. Syempre, pinagsasamantalahan din ang mga manggagawang Amerikano, at sa tindi lamang nagkakaiba. Umalis ako sa Pilipinas na damang-dama ang pagkakaisa ng mamamayan ng daigdig."

Sabi naman ng isa pang bisita matapos niyang makasalamuha ang mga magsasaka sa Samar. "Lubusan akong naantig ng kanilang buhay at lagi't lagi kong ikakawing ang aking buhay sa pakikibaka ng mamamayang humuhulagpos sa kadena ng imperyalismong pangkultura't pampulitika."




**Palitan ng karanasan sa diwa ng kaisahan.**

Ipinahayag niya ang damdaming ito matapos pag-aralan ang epekto ng dayuhang pamumuhunan sa Samar. Ang nagbubuklod sa kanya at sa mga magsasaka ng Samar ay ang pakikibaka laban sa imperyalismo.

## Suporta sa pakikibakang popular

Di lahat ng dumarating na bisita ay may malinaw na pag-unawa sa imperyalismo at sa kontrol nito sa Pilipinas. Ang ilan ay aktibistang nagtataguyod ng mga partikular na isyu tulad ng paglaganap ng kagamitang nukleyar, polusyon, kampanya para sa karapatan ng mga tao, at tunay na unyonismo. Ang iba naman ay nagboluntaryo para sa mga mapagkawanggawang adhikain tulad ng serbisyong pangkalusugan sa nayon.

Sa kanilang pagdalaw, nasasaksihan nila ang pakikibaka ng mga Pilipino para sa mga karapatang demokratiko. Marami sa kanila ang naaakit kumilos para sa mga isyu tulad ng Chico Dam, mga baseng militar ng US, pambibimbin at pagtortyur sa mga bilanggong pulitikal, pakikibaka ng mga manggagawa sa plantasyon, at pagpapabaya ng gubyerno sa mga serbisyong medikal. Tumatatag ang kanilang komitment dahil sa mga karanasang ito at bunga nito'y nahihikayat silang pag-aralan ang mga suliranin ng lipunang Pilipino at ang rebolusyonaryong kilusan sa kabuuan.

Sa pagtatapos ng kanilang unang dalaw, nagsisimula na ang marami sa kanila na kilalanin at suportahan ang pangkalahatang pakikibaka ng mamamayang Pilipino at ang Pambansa-Demokratikong Prente (NDF). Halimbawa nito ang inilarawan ng isang bisita matapos siyang mag-ekspos-yur. Aniya: "Kung ganito karahas ang gubyerno sa sarili nitong mamamayan, makatwiran lang mag-armas at makibaka ang taumbayan."

## Ugnay sa ibayong dagat

Sa bahagi ng mga kasamang tumatanggap sa mga bisita, malaki ang nakukuha sa palitan ng mga karanasan. Anang isang kasama, "Marami akong natututunan sa pakikinig sa mga karanasan at palagay ng mga bisitang dayuhan. Maraming pagkakataon para sa kooperasyon at magkatulong na pakikibaka. Kailangang pag-aralan nating mabuti ang kanilang mga pakikibaka at karanasan para matukoy kung saan tayo maaaring magkatulungan."

Sa pagdami ng mga bisitang dayuhan, naitatayo at napapatibay pa ang mga tulay sa pagitan ng mga lokal na rebolusyonaryong samahang masa sa isang panig, at mga organisasyon ng mamamayan sa

ibayong dagat sa kabilang panig. Sa ngayon, maraming samahang masa sa Pilipinas ang nakikipag-ugnayan sa mga katumbas nilang mga organisasyon sa ibang bansa. Sa pamamagitan ng mga ugnay na ito, nagsimula nang umunlad ang pampulitika at materyal nilang pagtutulungan.

Dumadami at dumadalas ang mga bisita mula sa mga dayuhang organisasyong masa. Mas malaki ang pagkakataon ng ating mga samahang masa na makipag-ugnayan at mapalapit pa sa mas maraming organisasyong masa sa ibang bansa.

Sa paglawak ng mga ugnayang panlabas ng ating mga samahang masa, unti-unting mabubuo sa labas ng Pilipinas ang isang malawak na kaisahang sumusuporta sa rebolusyong Pilipino. ●

## Panghihigpit

Gumawa ng mga bagong hakbang ang rehimeng Marcos para lalong matiyak ang pasistang kontrol nito sa sambayanan.

Noong Agosto 14, iniutos ni Marcos sa lahat ng meyor sa mga bayang kinikilusan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na organisahin at armasan ang mga brigada ng barangay. Sinabi niya ito sa isang pakikipagpulong sa mga lokal na upisyal ng Rehiyon 2 (Cagayan Valley at bahagi ng Montanyosa).

Idiniin pa niya sa mga lokal na upisyal na pahigpitin ang koordinasyon sa militar.

Nauna rito, ipinahayag ni Minister Juan Ponce Enrile na padadalhan ang mga lokal na upisyal ng pangalan at retrato ng mga pinuno daw ng Partido Komunista ng Pilipinas at BHB.

Sinabi niya ito sa isang seminar na inisponsor ng AFP tungkol sa "pambansang seguridad, insureksyon at kontra-insureksyon" na dinaluhan ng 67 lokal na upisyal ng dalawang prubinsya ng Leyte. Iniutos din niyang magdaos ng ganitong mga seminar sa iba't ibang rehiyon.

Samantala, noong Setyembre 4, nanawagan naman si Bise Gubernador Ismael Mathay, Jr. sa 13,000 Metro Aide at basurero ng Metro Manila na maging alerto at iriport nila agad sa otoridad ang mga "kahina-hinalang" aktibidad ng mamamayan.

Sa kabilang banda, nagdiploy na din ng mga "secret marshal" sa Bulacan at sa mga syudad ng Olongapo at Angeles. Tulad ng mga nasa Metro Manila, otorisado ang mga armadong tropang ito na patayin nang walang tanung-tanong ang sinumang mapagsuspetsahan nila.

## Kampanya

Inilunsad ang isang kampanya para palayain ang mga lider-obrerong hinuli noong Agosto.

Ang kampanya ay pinamumunuan ng Pambansang Koalisyon para sa Proteksyon ng Manggagawa (National Coalition for the Protection of Workers' Rights). Ito ay pormal na ibinunsod sa isang pulong ng 2,500 tao sa Christ the King Seminary sa Quezon City.

Sinundan ito ng isang malaking demonstrasyon sa harap ng Korte Suprema noong Agosto 31, na nanawagang palayain agad sina Felixberto Olalia at Crispin Beltran, mga lider ng Kilusang Mayo Uno.

Noong Setyembre 10, idinaos ang isang rali ng mga istudyante sa harapan ng Ministri ng Paggawa at Empleyo (MOLE), at doo'y tinuligsa ang pandarakip at pambibinbin sa mga lider-obrero, unyonista at iba pang manggagawa.

Ang rali ay pinamunuan ng Liga ng Istudyanteng Pilipino (League of Filipino Students o LFS), Samahan ng mga Editor ng Kolehiyo sa Pilipinas (College Editors Guild of the Philippines o CEGP), Kabataan sa Nasyonalismo at Demokrasya (Youth for Nationalism and Democracy o YND), at UP Student Council.

Ganito ring isyu ang ihinarap ng mahigit na 1,000 manggagawa, istudyante at taong simbahan sa isang raling ginanap sa harapan ng Manila Cathedral noong Setyembre 14.

## Ayuno

Nag-ayuno ang 60 detinidong pulitikal sa iba't ibang kampo militar sa Metro Manila noong ikalawang linggo ng Setyembre upang tutulan ang tumitinding paninikil ng gubyerno sa mamamayan at igiit ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal.

Nauna rito, 23 detinidong pulitikal na inaresto sa pagitan ng Pebrero 26 at Marso 1 ang nagpetisyon sa United Nations Human Rights Commission na imbistigahan ang mga kaso ng tortyur at paglabag ng rehimeng Marcos sa mga karapatan ng tao.

Iginiit ng mga nag-ayunong detinido ang sumusunod:

1. Palayain ang lahat ng detinidong pulitikal na tinortyur at pinagkaitan ng mga ligal at demokratikong karapatan.

2. Palayain ang lahat ng ibinimbing lider-obrero, unyonista, manggagawa at sumusustento sa pamilya.

3. Itigil agad ang hiwalay at nag-iisang pambibimbin (solitary confinement) sa ilang detinidong pulitikal; ilipat sa regular na sentrong bimbinan ang lahat ng detinidong nakahiwalay at nag-iisa gayundin ang mga detinidong hawak ng mga yunit-paniniktik ng militar.

4. Itigil agad ang pampulitikang paninikil at lahat ng anyo ng abusong militar sa sambayanan.

## Rali

Isang libong mamamayang Igorot ang nagtipon sa poblasyon ng Bontoc, Mountain Province noong Agosto 31 at nagrali para igiit na alisin sa probinsya ang mga yunit ng pasistang militar.

Kinondena nila ang pananakot, pagnanakaw at panggugulo ng mga sundalong AFP na nakadestino roon.

Nauna rito, ang 17th IB (PA) ay inireklamo ng mga upisyal at matatanda ng tatlong baryo-- Tucocan sa Bontoc, at Anabel at Betwagan sa Sadanga--sa dalawang magkahiwalay na pitisyong ipinadala nila sa gubyerno. Sinabi ng mga nagpitisyon na madalas manghalughog ng bahay ang mga tropang ito at nang-aaresto pa ng mga taumbaryo.

## Sobra Na

Iniutos kamakailan ni Hen. Fabian Ver, pinuno ng AFP, na ihinto ang sobrang pagbabalita sa midya tungkol sa BHB, MNLF at pagsupil ng gubyerno sa sinasabing "pakana ng mga terorista" ngayong Setyembre.

Lumilitaw na ang sunod-sunod na mga ulat na inilabas ng rehimen sa masmidya tungkol sa nabanggit na "pakana" ay naka-alarma sa mga dayuhang mamumuhunan at negosyante.

"Bagamat makagubyerno at maka-AFP ang mga ulat na ito," ani Ver, "di paborable ang pangkahalatang epektong naibibigay sa mga potensyal na negosyante at mamumuhunan."

Iniutos niya na huwag ilalathala ang anumang bagay na hindi niya inaprubahan.

Bago nagtungo si Marcos sa United States, nag-ingay ang rehimen tungkol sa gawa-gawang pakana para ipakita sa mga mamumuhunan at negosyante na ang gubyernong Marcos ay handang sumupil sa militanteng mga unyon ng manggagawa.